# 1

Katulad ng mga nakaraang pag-uwi ni Elle sa kanilang bahay, magulo na naman ang silid nilang magkapatid. Tiyak na ilang beses ulit nagpapalit-palit ng damit si Suzanne at pagkatapos ay nagmamadaling umalis kung kaya hindi nailigpit ang mga isinukat nito.

"Pasensya na, anak, at laging magulo ang silid ninyo. Tinanghali kasi ng gising ang kapatid mo kanina at mahuhuli daw siya sa appointment niya," sabi ng kanyang inang si Aling Celia na hindi niya namalayang nakatayo sa bukana ng pinto ng kuwarto nila. "Ililigpit niya daw iyan mamaya pagbalik niya."

"O sige po, Inay," maayos na sagot niya kahit naiinis sa kapatid. Naupo muna siya sa kama upang saglit na magpahinga.

Ang totoo, ililigpit na rin niya ang mga gamit na nakakalat. Alam niya kasi na katulad ng dati, gagabihin ng uwi si Suzanne at tulog na siya pagdating nito. Hindi siya sanay matulog sa gitna ng mga nakakalat na damit.

Ilang beses na niyang napagsabihan ang magaling na kapatid ngunit nginingitian lang siya

nito at nagsasabi ng ‘oo,’ pagkatapos ay uulitin ang usual na gawi. Pinagpapasensyahan na lamang niya si Suzanne dahil mas bata ito sa kanya ng dalawang taon sa edad niya na dalawampu’t apat. Dalawa lang silang magkapatid at baby ito ng pamilya.

“Tara na munang maghapunan at nakaluto na ako,” yaya ng matandang babae.

“Susunod na po ako, magbibihis lang po ako,” sagot ng dalaga.

“Kung gan’on, maiwan na kita. Bilisan mo at lalamig ang pagkain.”

Isang modelo si Suzanne. Na-discover ito nang minsang mamasyal sila sa mall. Nasa ikalawang taon ito sa kolehiyo noon at nang makuhang modelo, huminto na ito sa pag-aaral. Kunsabagay, wala naman talaga itong hilig sa pag-aaral at katuwiran nito, sayang ang pagkakataon para sumikat at kumita ng pera. Ayon pa sa kapatid, kaya nga siya nag-aaral ay upang gumanda ang buhay. Ngayong naroon na ang oportunidad para makamit iyon, bakit pa nito kailangang mag-aral?

Hindi na tumutol ang kanilang mga magulang sa pasya ni Suzanne kahit pa pangarap ng mga ito ang mapagtapos silang magkapatid. Sa ngayon,

lumalabas na ito sa maraming commercials at proud sila sa naabot nito. Naghihintay ito sa pagdating ng mas malaking break sa career nito na alam nilang hindi malayong mangyari.

Napakaganda ng kapatid niya. Mataas ito ng limang pulgada kaysa sa kanya sa taas niyang 5'4". Balingkinitan ang katawan na requirement sa pagmomodelo. Mala-krema at makinis ang kutis nito na binagayan ng mala-kulay mais na mahabang buhok. Mayroon itong artistahing mukha na namana raw nito sa lola ng nanay nila na may lahing Kastila. Magaling at elegante rin itong magdala ng damit.

Samantalang si Elle raw ay nagmana sa side ng tatay nila. Hindi nga raw aakalain na magkapatid sila ni Suzanne na hindi naman niya ikinasasama ng loob. Marahil dahil sa secure siya sa pamilya niya. Wala siyang nakitang favoritism sa pagtingin sa kanila ng mga magulang at kung tutuusin ay close silang pinalaki ng mga ito.

Hindi balingkitan ang kanyang katawan pero nasa tamang lugar ang mga kurba niyon. Morena ang kulay niya na binagayan ng itim na itim na buhok. Bagaman maganda rin siya, tanggap na niya na hindi niya tatalunin ang kariktan ng kapatid. Noong nag-aaral pa sila, popular sa campus si Suzanne

at maraming lalaking nakikipagkaibigan sa kanya hindi dahil sa siya ay siya, kundi upang mapalapit sa kapatid niya.

"Eleonor, halika na at lumalamig na ang pagkain." Ang tinig ng kanyang ina ang pumukaw sa pag-iisip niya. Dali-dali siyang tumayo mula sa kama at nagtungo sa kusina upang maghapunan.

---

"Very good concept," puri ng boss ni Elle na si Mr. Ric Jimenez. Ito ang may-ari ng *Jimenez Advertising Company*. "Sa palagay ko, this will do," dagdag pa nito.

Halos tatlong taon na siyang nagtatrabaho roon. Noong una, dahil fresh graduate lang siya at wala pa siyang experience sa paggawa ng mga commercials maliban sa mga proyekto nila sa universidad, pinag-assist muna siya sa mga copywriters na mas senior sa kanya. Nitong nakaraang taon pa lamang siya binigyan ng pagkakataon na gumawa ng sarili niyang concept.

"Thank you!" natutuwang turan ni Elle. "Pero magustuhan kaya ito ng mga taga-*Elegance*?" may pagdududang tanong niya. Ang *Elegance Incorporated* ay isa sa pinakamalaking kompanya

ng mga produktong pampaganda sa Pilipinas. Mula sa mga produktong cosmetics hanggang sa mga lingeries ay kilalang-kilala ang brand nito.

Ang gagawin nilang series of commercials ay hindi lamang sa buong Pilipinas ipapakita kundi pati na sa buong Asya kung saan nagsisimula nang makilala ang mga produkto. Kaya naman napakaimportante ng proyekto iyon. Ang totoo, marami silang hiningan ni Ric ng konsepto, subalit ang gawa niya ang nakapasa sa panlasa nito.

"Of course, kapag pumasa sa panlasa ko, siguradong papasa rin sa panlasa ng kliyente," walang halong pagyayabang na sagot nito.

Kunsabagay, totoo ang sinabi ni Ric. Dahil sa magaling na panlasa at sa pagsisikap nito ay napaunlad nito ang kompanya. Nagsimulang makilala ang advertising company nila sa industriya. Ngunit hindi pa rin maiwasan ni Elle na kabahan dahil alam niyang isa ito sa pinakamahalagang proyektong natanggap ng kompanya nila. Kapag nagawa nila ito nang maayos, malamang na mas makikilala pa at mas dumami ang malalaking kompanya na magiging kliyente nila.

"Siyanga pala, I want you to present this concept on Monday sa meeting natin sa marketing team ng

*Elegance*. At ang kailangan mong ma-impress nang husto ay ang marketing director ng kompanya, na siya ring anak ng may-ari n'on," dagdag pa nito na ikinagulat niya.

"Pero, Ric..." tigagal na sabi ni Elle. Karaniwan kasing ito ang nagpi-present ng concept nila sa mga kliyente.

"Wala nang pero-pero," saway nito. "Sa palagay ko kasi mas maipapaliwanag mo nang maayos at masasagot mo ang mga tanong nila tungkol sa gagawin natin. Alalahanin mong ayokong sumablay sa presentation pa lang ng concept dahil napakaimportante ng kliyente nating iyan."

"Pero…"

"And besides, isa kang babae at ang ad na iyan ay ginawa upang akitin ang kapwa mo babae na tangkilikin ang mga produkto ng *Elegance*. Magiging mas kapani-paniwala kung ikaw ang magpi-present ng concept."

"Ric, paano kung pumalpak ako?" muli niyang hirit.

"May tiwala ako sa 'yo. So see you on Monday," pinal nitong sabi na halatang dini-dismiss na ang dalaga at tapos na ang lahat para sa kanyang mga

argumento. Wala siyang nagawa kundi tanggapin ang iniatang nitong responsibilidad sa kanya.

---

Maagang nagising si Elle nang Lunes na iyon. Isa lamang itong patunay na talagang kinakabahan siya dahil halos pinilit niya lamang na makatulog nang nakaraang gabi sa sobrang pag-aalala sa gagawin niyang presentation.

Paano kung maisablay niya ang presentation ng concept nila? Magiging malaking kawalan iyon para sa kompanya nila at madi-disappoint niya si Ric. Kunsabagay, ito naman ang nagpumilit na siya ang mag-present ng concept. Pero kailangan pa rin niyang pagbutihin ang gagawin.

Gabi pa lang ay naihanda na niya ang damit na isusuot. Alam niyang kailangan niyang magpa-impress sa mga tao sa *Elegance*. Kailangang mapaghalo niya ang pagiging very business-like and at same time, pagiging elegante. Hindi nga ba at first impressions last?

Pumili siya ng ternong palda at blazer; parehong gray ang kulay. Puting blouse na yari sa silk ang panloob niyon. Isinuot din niya ang ternong hikaw at kuwintas na perlas na regalo sa kanya ng mga

magulang noong mag-debut siya. Iningatan din niya ang paglalagay ng makeup sa kanyang mukha. Kung noon ay nagli-lipstick lang siya kapag pumapasok sa opisina, ngayon ay naglagay siya ng eye makeup at blush-on. Nang masiyahan sa hitsura ay tumayo na siya mula sa pagkakaupo sa harapan ng dresser upang tumuloy sa kusina.

"Good morning!" bati ni Elle sa mga magulang na nasa harap na ng hapag-kainan.

"Good morning din, hija!" ganting bati ni Mang Ben, ang tatay niya. Ibinaba nito sa gilid ng mesa ang binabasang diyaryo nang mapansin ang ayos niya. "Bihis na bihis ka yata, anak?" tila nagulat na dugtong nito.

"Oo nga, anak," sabad ni Aling Celia na nakatingin din sa kanya. "Ano ba'ng meron ngayong araw na ito?"

"Kasi po ipi-present ko ngayon 'yong concept namin sa marketing team ng *Elegance*," paliwanag niya.

"Good morning!" Ang tinig ni Suzanne na kagigising lang at nakapantulog pa ang pumutol sa usapan nila.

"Ang aga mo yatang nagising, anak?" usisa ng

kanilang tatay.

"Maaga po kasi ang pictorial namin ngayon," anito na nagsimula nang magtimpla ng gatas. "Ano 'yong narinig ko tungkol sa *Elegance*?" interesadong tanong nito na nakatingin sa kanya.

"Magpi-present kami ng concept sa kanila para sa bago nilang ad campaign," sagot niya.

"Ah," tanging nasabi ni Suzanne na makahulugan ang pagkakangiti.

"Mauna na po ako sa inyo," paalam ni Elle sa tatay niya nang mapasulyap siya sa relo at makitang dapat na siyang umalis.

"Hindi ka ba sasabay sa akin?" untag ni Mang Ben. Nakaugalian na nila na magsabay papasok dahil on the way sa opisinang pinapasukan ng ama ang opisina ng *Jimenez Advertising Company.*

"Hindi na po. Maaga po ang presentation. Magkikita po kami ng boss ko sa opisina at sabay na kaming pupunta ng *Elegance*."

"O, siya, mag-ingat ka," bilin sa kanya ni Aling Celia nang humalik siya sa pisngi nito.

"Good luck," pahabol ni Mang Ben nang palabas na siya ng pinto.

# 2

Maaga pa nang dumating sina Elle at Ric sa conference room ng *Elegance*. Naroroon na ang ibang members ng committee na mag-a-approve ng commercial concept nila ngunit wala pa ang marketing director. Nagpakilala sila ni Ric sa mga ito.

Hindi maiwasan ng dalaga na lalong kabahan habang tumatagal ang paghihintay nila. Gusto na niyang matapos iyon upang makahinga na siya nang maluwag. Hindi naman alintana ng mga naroon ang nararamdaman niya dahil abala ang mga ito sa pagkukuwentuhan.

"Everything will be all right," bulong ni Ric sa kanya. "Kayang-kaya mo 'yan," dagdag na pagpapalakas-loob nito.

"Thank you at may tiwala ka sa akin," maiksing sagot niya na walang pagbabago ang nararamdaman.

"At isipin mo na nandito lang ako at handang sumalo sa 'yo kung saka-sakali," dagdag-assurance nito.

Saktong alas nueve nang bumukas ang pinto ng conference room. Pumasok mula roon ang isang

lalaki na nakabarong. Natigil ang pag-uusap sa paligid at nabaling dito ang atensyon ng lahat.

"Good morning!" narinig niyang bati ng mga nasa paligid niya.

"Ito na ang taong dapat mong ma-impress," bulong ni Ric sa kanya. Nagulat siya dahil hindi niya alam na lalaki ang marketing director ng *Elegance* at hindi nila iyon napag-usapan ni Ric. Akala niya kasi, isa iyong babae dahil kompanya iyon na nagka-cater sa pangangailangan ng kababaihan.

Hindi rin niya masasabing bakla ito dahil lalaking-lalaki ang tindig nito. Hindi lamang ito guwapo, malakas din ang dating. Ngunit ang mas tumawag ng kanyang pansin ay ang mga mata nito na tila binabasa ang kalooban niya kung makatingin.

"Good morning, Mr. Lacsamana!" bati ni Ric sa bagong dating saka tumayo buhat sa kinauupuan at sinalubong ng pakikipagkamay ang lalaki. Inimbita rin siya nitong sumunod dito.

"Good morning," ganting bati nito na nakipagkamay sa bisita.

"This is Miss Eleonor Rodriquez at siya ang magpi-present ng concept namin," pakilala ni Ric sa dalaga.

“Glad to meet you, Sir,” bati niya kay Mr. Jonas Lacsamana na inabot din ang kanyang kamay.

“Same to you,” sabi nito na nabaling ang atensyon sa kanya. Nabawi niya bigla ang kamay dahil tila may elektrisidad na tumulay mula sa mga daliri nito patungo sa kanyang mga daliri. Ikinagulat niya iyon. Tila nakita nito ang reaksyon niya ngunit hindi siya sigurado.

“She’s one of the best employees of our company,” narinig niyang dagdag ni Ric na lalong nagpakaba sa kanya.

Gusto niyang magreklamo. Pambihira naman kasi ito. Hindi pa nga siya nagpi-present, pinupuri na siya. Ano na lang ang sasabihin ni Mr. Lacsamana kapag sumablay siya?

“We’ll see,” anito na nagtungo na sa puwesto nito sa kabisera ng conference table.

“Good luck!” bulong sa kanya ni Ric na pinisil pa ang kamay niya.

“Thank you!” muli niyang sagot.

“You can proceed now, Miss Rodriquez,” sabi ni Jonas na nasa kanya ang atensyon at marahil hindi nakaligtas sa mga mata nito ang pagpisil ni Ric ng

kamay niya bilang pampalakas-loob. Tila napaismid ito ngunit hindi niya tiyak. Akala yata nito ay may relasyon sila ni Ric kung kaya ibinigay sa kanya ang proyektong ito.

Nagtungo na si Elle sa gitna ng conference room. Kahit sa simula ay kinakabahan at naiilang lalo na at napapasulyap siya sa may-ari ng *Elegance*, unti-unting lumakas ang loob niya nang makitang nakikinig at mukhang interesado naman ang ibang mga kaharap sa kanyang sinasabi.

"Okay, if you don't have any more questions, that's all," nakangiting pagtatapos niya nang makitang wala nang tanong ang mga ito.

"Well, it's good," saad ni Jonas na ikinagulat ng dalaga. Wala kasi itong reaksyon habang nagpi-present siya.

"Yes," sang-ayon ng iba. Nakahinga siya nang maluwag sa narinig.

"So it's a deal," singit ni Ric, halatang kinakabahan din.

"Of course," ani Jonas. "Ipapagawa ko na ang kontrata at sisimulan natin ang proyekto sa pinakamadaling panahon. Totoo nga na you're good at your work, Miss Rodriquez," baling nito sa

kanya na muling ikinagulat ni Elle. Mukhang hindi nga talaga ito naniwala sa sinabi ni Ric kanina. Nakaramdam siya ng pagkairita sa lalaki.

Series of commercials iyon para sa loob ng isang taon. Ang unang serye ng commercial ay sa Maynila gagawin at ang mga susunod na serye ay itutuloy sa iba't ibang lugar sa Pilipinas. Bukod sa pagpo-promote ng produkto, makakatulong din ito sa Pilipinas na mai-promote ang magagandang lugar at ang kultura ng bansa. Napagkasunduan din na ang *Elegance* mismo ang mamimili ng mga modelo para sa mga produkto nila.

---

"Ate Elle, gising," narinig niyang tawag ni Suzanne.

"Bakit?" tanong niya na ni hindi nagdilat ng mga mata dahil antok na antok na siya. Ano na naman kaya ang problema ng kapatid niya?

"Pumasok ka na sa kuwarto at nakakahiya sa bisita ko." May bahagyang pagkairita sa tinig nito.

Bigla siyang nagdilat ng mga mata dahil naalala niya na nasa sala nga pala siya ng bahay nila. Pagmulat niya, nagtama ang mga mata nila ng lalaking kasama ni Suzanne. Hindi niya malaman

kung nanaginip lamang siya. Kilala kasi niya ang mukhang iyon.

At ano kaya ang ginagawa ng lalaking ito sa kanilang bahay? Kung noong una niyang makita si Jonas Lacsamana ay very formal ito, ngayon ay may naglalarong pilyong ngiti sa mga labi nito habang nakatingin sa kanyang mukha. Nakaramdam siya ng pamumula.

"Ate," inis na tawag ng kapatid niya na muling gumambala sa kanya.

Dali-dali siyang bumangon mula sa sofa. "Excuse me," sabi niya na nagmamadaling umakyat ng hagdanan patungo sa kuwarto nilang magkapatid.

"Pasensya ka na sa ate ko," narinig niyang sabi ni Suzanne sa bisitang kasama. Humihingal siya sa bilis ng tibok ng puso niya nang marating ang kanilang silid. Kung bakit kasi nagpapasok pa ng bisita ang kapatid gayong dis-oras na ng gabi! Kunsabagay, kasalanan niya rin dahil naisipan pa niyang manood ng evening news sa TV sa sala nila at nakahiga pa siya sa sofa. Hindi naman niya namalayang nakatulugan niya ang panonood.

Naramdaman niyang nag-init ang mga pisngi niya. May ugali pa siyang kapag matutulog na ay

nagsusuot lamang ng maiksing shorts at lumang sando na butas-butas. Natatawa nga ang mga kasama niya sa bahay at tinatanong kung wala na ba siyang pambili ng damit, ngunit hindi niya iyon pinapansin dahil mas komportable siya at mas mahimbing ang tulog kapag ganoon ang ipinapantulog. Nakakahiya dahil nakita pa siya ng bisita sa ganoong ayos.

Hindi rin nagustuhan ni Elle ang pagkakangiti nito na alam niyang pinagtatawanan siya. Kunsabagay, nakakatawa naman talaga ang hitsura niya. Kung sana hindi sila magkakilala ng lalaking iyon.

Noon niya napagtanto kung gaano kaliit ang mundo at muli silang pinagtagpong dalawa, sad to say, to her disadvantage. Parang gumuho ang pagpapa-impress niya rito nang mag-present siya ng concept sa harap nito ilang linggo na rin ang nakakaraan.

Marahil isa itong manliligaw ni Suzanne. Angat si Jonas sa mga lalaking nanliligaw na naisama na ng kanyang kapatid sa bahay.

At kaya pala kakaiba ang ngiti ni Suzanne nang banggitin niya na magpi-present sila ng concept sa *Elegance*, kakilala pala nito ang may-ari. Bagay na bagay ang lalaki at ang kapatid niya kung aspetong

pisikal ang titingnan.

Hindi niya alam kung saan galing ang tila pait na dumaan sa dibdib niya.

---

Kinaumagahan, nagising si Elle na tulog na tulog pa ang nakababatang kapatid sa kabilang kama. Naipagpasalamat niya iyon dahil alam niyang sisitahin at pagtatawanan siya nito dahil sa nangyari nang nakaraang gabi.

Nang pumasok ito ng silid nila nang gabi ring iyon, pagkalipas ng kalahating oras, siguro dahil pinagkape pa nito ang bisita, nagkunwari siyang himbing na himbing na sa pagtulog kung kaya hindi na siya nito nasita.

Nang makapagbihis ng office uniform, lumabas na si Elle ng silid at nagtungo sa kusina upang mag-almusal.

"Gising na ba ang kapatid mo, hija?" bungad ni Aling Celia.

"Hindi pa po, Inay."

"Aba, baka mahuli iyon sa appointment niya," ani Mang Ben. Katulad ng kanyang ina, naabutan niya itong kumakain na ng almusal.

"Gigisingin ko na nga at nagbilin iyon kahapon bago umalis. Ngayon daw ang last day taping ng ginagawa niyang commercial," anang ginang na tumayo na mula sa puwesto nito.

"Siyanga pala, gising ka pa ba nang dumating ang kapatid mo kagabi?" ani Mang Ben.

"Good morning, everybody!" masayang sabi ni Suzanne buhat sa pinto ng kusina. Humalik ito sa mga magulang nila.

"Mukhang masayang-masaya ang anak ko," puna ni Aling Celia. Muli itong bumalik sa kinauupuan.

"Opo, Inay, pumasa na ako doon sa bago kong gagawing commercial," nakangiting tugon nito.

"Mabuti naman, anak." Halata ang pride sa mukha ni Mang Ben.

"Ang galing talaga ng kapatid ko," natutuwa ring sabi niya.

"Salamat sa Diyos!" anang matandang babae.

"Mommy, toasted bread at saka orange juice na lang ang sa akin kasi kailangan kong magbawas ng timbang," anang bunsong anak. Unlike Elle, Suzanne preferred calling their parents 'Mommy' and 'Daddy.'

"May sustansya ka pa bang makukuha doon? Baka naman magkasakit ka na niyan," sabi niya. Nagsalin na siya ng sinangag sa sarili niyang pinggan.

"Hindi, nagba-vitamins naman ako," sagot nito. "Siyanga pala, 'yong naghatid sa akin kagabi ang anak ng may-ari ng *Elegance*, ang pagmomodelohan ko," nakangiting dagdag nito na pilyang ngumiti sa kanya.

"Magmomodelo ka para sa *Elegance*?" nagulat na sabi niya. "Ibig sabihin—"

"Correct ka diyan. Isa ako sa mga napiling modelo ng commercial na gagawin ninyo," may halong pagmamalaking putol nito sa sasabihin niya.

"That's good," sabad ng kanilang ama.

"Magkakasama pala kayo ng ate mo sa trabaho," natutuwa ring pahayag ni Aling Celia.

"Yes, Mommy." Sansaglit na nilunok muna ni Suzanne ang nginunguyang toasted bread. Nanlalaki ang mga mata nito na nilingon ang dalawang matanda. "Alam ninyo ba—"

"Inay, Itay, aalis na po ako," nagmamadaling singit ni Elle bago pa nito matapos ang sasabihin. Alam niyang ikukuwento ng nakababatang kapatid

sa mga magulang ang nangyari nang nakaraang gabi.

"Nagmamadali ka yata, hija? Hindi ka ba sasabay sa akin?" tanong ni Mang Ben.

"Paano kasi, Dad, iniiwasan ni Ate na ikuwento ko ang nangyari kagabi," ani Suzanne na puno ng panunudyo ang tinig.

"Ano'ng nangyari?" takang tanong ng nanay nila.

"Naabutan namin siya ni Jonas na natutulog sa sala, suot ang paborito niyang damit-pantulog," dere-derechong kuwento nito.

"Iyong butas-butas?" tila hindi makapaniwalang bulalas ni Aling Celia. Binalingan nito ang panganay na anak. "Bakit mo naman naisipang matulog pa sa sala, Elle?"

"Nanood po ako ng TV, hindi ko namalayang nakatulog ako sa sofa," namumulang paliwanag niya.

"Ano'ng sabi ng bisita mo? Nakakahiya naman!" sabi pa rin ng ginang. Si Mang Ben naman ay tawa lang nang tawa.

"Nakakahiya nga pero nangyari na. Tara na,

Eleonor, sumabay ka na sa akin," mayamaya ay sabi ng matandang lalaki. Tumayo na ito at humalik sa ina at kapatid niya.

# 3

Nang umuwi si Elle nang hapong iyon, naabutan niyang may nakaparadang gray na kotse sa tapat ng bahay nila. Naisip niyang marahil ay sa manliligaw iyon ng kapatid. Pangkaraniwan na sa bahay nila na may bisita dahil nga maganda at ligawin si Suzanne.

Nakita niyang kompleto ang buong pamilya nila na nakaupo sa sala.

"Ito na pala si Elle," ani Mang Ben pagkakita sa kanya.

Hindi siya nagpahalata na nagulat siya dahil si Mr. Jonas Lacsamana pala ang bisita nila. Humalik siya sa mga magulang.

Sa gilid ng mga mata niya, nakita niyang nakatitig sa kanya ang lalaki at muli ay tila may pilyong ngiti na naglalaro sa sulok ng mga labi nito. Alam niyang pinagtatawanan pa rin nito ang insidenteng nangyari noong huli itong magpunta sa bahay nila.

"Siyanga pala, Ate Eleonor, si Jonas," pukaw ni Suzanne sa atensyon niya. "Of course, magkakilala na kayo," nanunudyong dugtong nito.

"Glad to meet you again," sabi ng lalaki, sabay inabot sa kanya ang kamay na tinanggap naman niya. At muli, may kung anong tila elektrisidad na tumulay sa pagitan nila. Ngunit siya lamang yata ang nakaramdam niyon dahil tulad ng dati, walang pagbabago ang ekspresyon ng mukha nito.

"Maiwan na namin kayo dito sa sala at magluluto na ako ng hapunan," paalam ni Aling Celia.

"Oo nga." Tumayo na rin si Mang Ben. Sumabay ito sa asawang nagtungo na sa kusina.

"Hindi ko akalain na magkapatid pala kayo ni Suzanne," sabi ni Jonas na nasa kanya pa rin pala ang atensyon. Ibubuka na sana niya noon ang bibig upang magpaalam ngunit bigla siyang kinausap nito.

"Hindi lang ikaw ang nakapansin, marami na rin ang nagsabi sa aming dalawa na hindi kami magkamukha," charming na sabi ni Suzanne.

"Totoo ang sinabi ni Suzanne," sagot niya na naupo sa puwestong iniwan ng ina. Nagsisimula na naman siyang mairita sa bisita. Ipinamumukha ba nito sa kanya na mas maganda sa kanya ang kapatid niya?

"Nagmana daw ako sa lola ni Mommy

samantalang sa side naman ni Daddy nakuha ni Ate ang features niya," paliwanag pa ng modelo.

"Kaya pala," sabi ni Jonas na tila wala namang ibig sabihin. "Gaano katagal ka na palang nagtatrabaho sa *Jimenez Advertising*?" usisa nito na alam niyang hindi talaga interesado at gumagawa lamang ng usapan upang mapalagay ang loob niya rito.

"Almost three years na rin," maiksing sagot niya.

"Ah, Jonas, kailan nga pala natin sisimulan ang commercial na gagawin natin?" singit ni Suzanne na sa tono ay tila naglalambing sa binata.

"Siguro kung walang aberya, two weeks from now. Right, Elle?" nakangiting baling ni Jonas sa kanya.

Para siyang namalikmata sa ganda ng ngiti nito. Mabuti na lang at nagawa pa niyang sumagot. "Yup."

"Excited na kasi akong gawin ang project," nakangiting saad ni Suzanne.

"Sige, magpapahinga na muna ako," paalam niya na tumayo na upang iwan ang dalawa.

Mag-a-alas-onse na ng gabi nang dumating si Elle ng bahay. Napagkasunduan nilang magkakaibigan na manood ng sine dahil may magandang palabas at araw ng suweldo. Dahil may kotse at on the way naman sa bahay nito ang bahay nila, inihatid na siya ng kaopisina niyang si Alfred.

Nagulat siya nang makitang nakaparada ang kotse ni Jonas sa labas ng gate nila. Nang nakaraang mga araw kasi na inaabutan niya ang lalaki sa bahay nila, umuuwi na ito bago sila maghapunan. Ngayon lang ito ginabi sa kanila nang ganoon.

Katulad ng unang araw na abutan niya ang binata sa kanila, kapag dumarating siya, binabati lang niya ito at pagkatapos ay nagpapaalam na siya kaagad na papasok sa silid. Hinahayaan na niyang magkasolo ito at si Suzanne.

Kumatok muna siya ng pinto bago iyon binuksan. Mas mabuti na ang nag-iingat at baka kung ano pa ang maistorbo niya sa pagitan ng kapatid niya at ni Jonas.

Nakahinga siya nang makitang nakaupo ang dalawa sa magkabilang sofa at nanonood lamang ng evening news.

"'Eto na pala si Ate," ani Suzanne pagkakita sa

kanya.

“Good evening,” bati niya.

“Good evening din,” sagot ni Jonas.

“Teka, kumukulo na yata ’yong pinapainit kong tubig,” sabi ng kapatid at nagmamadaling tumayo. “Ikaw na muna ang bahala kay Jonas, Ate, magtitimpla lang ako ng kape.”

Imbis na tumuloy na sa kanilang silid, walang nagawa si Elle kundi mag-stay muna sa sala. Bagaman naiilang, umupo siya sa pang-isahang sofa, katapat ng inuupuan ni Jonas. Magmumukha naman siyang bastos kung hindi niya iyon gagawin. Bisita ito ng kapatid niya at bukod pa roon, halos boss na rin niya ang lalaki dahil sa kliyente nila.

“Kumusta ang paglabas?” usisa nito pagkaupo niya.

“Okay naman,” ang tanging naisagot niya.

“Bakit hindi na yata bumaba si Ric?”

“Hindi naman si Ric ang naghatid sa akin,” napakunot-noong sabi niya. Akala ba nito nagdi-date sila ni Ric? Iniisip pala talaga ni Jonas na may relasyon sila ng may-ari ng advertising company na pinapasukan niya. Muli ay nakaramdam siya ng inis

dito. Napapansin niyang palagi na lang yata siyang na-o-offend nito kapag nakakausap niya ito. Siguro hindi naman nito iyon sinasadya. Nagkakataon lang na masyado siyang apektado sa mga ipinapalagay nito tungkol sa kanya. Hindi niya alam ang dahilan kung bakit ganoon ang reaksyon niya.

"Mabuti pinapayagan ka niyang lumabas na iba ang kasama?" pukaw nito sa pag-iisip ng dalaga. Nakatitig ito sa kanya at mukhang interesadung-interesado sa isasagot niya.

Gusto na niya itong irapan. "Bakit naman hindi? Wala kaming relasyon," pagkaklaro niya.

"Gan'on ba?" Napangiti ito. Tila parang nawala ang puso niya sa kinalalagyan niyon nang makita ang ngiti nito.

Mukhang masama nga talaga ang epekto ni Jonas sa kanya. One minute, naiinis siya rito. Isang ngiti lang nito sa kanya, nasa guwapong mukha na nito ang isip niya.

"Kung gan'on, sino ang naghatid sa 'yo?"

"Ate, magkakape ka ba?" tanong ni Suzanne na lumabas galing sa kusina, bitbit ang tray na may dalawang tasa ng kape.

"Hindi na, matutulog na ako at inaantok na ako," sabi niya na mabilis na tumayo. "Good night sa inyong dalawa."

"Good night. Sweet dreams," sagot ni Jonas.

Hindi na sumagot si Elle at nagtuloy na siya sa silid. Pagkatapos niyang maglinis ng katawan ay nagbihis siya ng pantulog na pajamas na bagong-bagong pa dahil bihira lang niyang magamit.

Humiga na siya upang matulog subalit ayaw siyang dalawin ng antok. Marahil dahil hindi siya komportable sa suot niyang pantulog. Hindi naman niya mapilit ang sariling isuot ang paboritong pantulog. Alam niyang hindi naman siya makikita ni Jonas sa kuwarto niya, pero conscious na conscious pa rin siya. Bukod pa roon, hindi rin niya maalis sa isip na nasa sala pa ito kasama ng kanyang kapatid.

Aaminin niyang kakaiba ang epekto nito sa kanya, pero kailangan niya iyong maitaboy sa isipan dahil tiyak na masasaktan lang siya dahil obvious naman na may pagtingin ito sa kanyang kapatid. Mas makakabuti na ituloy niya ang ginagawang pag-iwas kay Jonas upang hindi na lumalim ang kanyang nararamdaman para rito.

Hindi nga ba't nangyari na iyon noong college

sila ni Suzanne? Mayroon siyang naging kaklase na nakipaglapit sa kanya at nang nagsisimula nang mahulog ang loob niya rito dahil super bait sa kanya, saka naman ito nagsabi sa kanya na balak daw nitong manligaw sa kapatid niya at gustong magpalakad sa kanya. Hindi siya masyadong nasaktan noon dahil hindi pa naman ganoon kalalim ang nararamdaman niya para sa lalaki. At tanggap niya na mas maganda talaga ang kapatid kaysa sa kanya. Iniwasan na lang niya ang kaklase at nagpasalamat na rin siya nang binasted ito ni Suzanne.

# 4

Nagsimula ang taping at pictorial sa Maynila. Ang tanging problema lang na nakaharap nila ay ang manaka-nakang pag-ulan lalo pa't may mga outdoor scenes. Mas madalas na nasa field si Elle kaysa nasa opisina nang mga araw na iyon. Tinututukan niya kasi ang proyekto.

Ilan lang sa malalapit na mga kasamahan nila ang nakakaalam na magkapatid sila ni Suzanne. Hindi nila iyon inililihim pero hindi rin nila ipinagkakalat at hindi naman iyon halata. Sa palagay niya ay mas maganda na rin iyon sapagkat hindi iisipin ng iba na baka naimpluwensyahan niya ang pagkakasama ng kapatid sa commercial na talaga namang walang katotohanan. Hindi rin sila sabay ni Suzanne kapag pumupunta sa taping dahil dumadaan pa siya ng opisina bago magtungo sa location. Pangatlong araw nang dumaan si Jonas sa taping at pictorial.

"Good afternoon," bati ni Jonas na hindi niya namalayang nakalapit na pala sa kanyang tabi. Naka-focus kasi ang atensyon niya kay Suzanne na kasalukuyang kinukunan ng camera.

Mahirap talagang maging modelo, naisip niya.

Kailangan ng mahabang pasensya at disiplina sa sarili. Nakita niya kung paano mag-diet ang kapatid para ma-maintain ang pigura nito. Mas lalo niyang na-appreciate ang trabaho ni Suzanne at proud siya sa narating na nito.

“Good afternoon,” pilit kinakalma ang sarili na sagot ni Elle. Hindi niya alam kung bakit parang minamartilyo ang kanyang puso kapag nakikita ang lalaking ito. Kaagad niyang iniiwas ang mga mata sa mukha nito.

“How’s work?”

“Okay lang, wala namang hitch maliban sa weather,” tugon niya na hindi pa rin tumitingin dito.

“She’s really beautiful!” narinig niyang sabi ni Jonas. Hindi man niya ito lingunin, alam niyang ang kanyang kapatid ang tinutukoy nito.

“I agree.” Wari ay may kumurot sa isang bahagi ng puso niya. Minabuti niyang hindi na ito kausapin pa. Nakakailang na sandali ang pumagitan sa kanila. Nagpasalamat siya nang mayamaya ay sumigaw ng pack-up ang director at lumapit sa kanila si Suzanne.

“Hello!” bati nito. Nakipagbeso-beso ito sa kanya, pagkatapos ay kay Jonas. “’Buti napadaan ka?”

"Yes, gusto kong makita ang progress ng trabaho at para naman makumusta kayo," nakangiting sagot nito.

"At para makita ako?" nagbibirong sabi ng kapatid niya na umabrisiete pa kay Jonas.

"Siyempre naman," matamis ang ngiting ganti ng binata rito na lalong nagpakirot sa puso ni Elle. "Siyanga pala, ihahatid ko na kayo pauwi," dagdag nito na tumingin din sa kanya.

"Pero…" Nangapa sa isip si Elle ng maidadahilan upang hindi mapasabay sa dalawa. Baka kasi nakakaabala siya, alam niyang si Suzanne lang ang balak talaga nitong sunduin at nagkataon lamang na nandoon din siya. Baka nga may balak lumabas ang dalawa.

Isa pa, hindi siya sigurado kung kakayanin pa ng puso niya na makita ang sweetness ng mga ito sa isa't isa.

"Bakit, Eleonor, may problema ba?" usisa ng binata.

"Baka naman may date ang ate ko," tudyo ni Suzanne.

"Gan'on ba?" Nasa kanya ang atensyon ni Jonas

at tila hinihintay ang kumpirmasyon niya. "'Yon bang naghatid sa 'yo noong Biyernes ang ka-date mo?"

"Wala akong date. Baka lang kasi—"

"Wala naman pala so ihahatid ko na kayo," pinal na sabi nito na hindi na siya hinayaang tapusin ang pagdadahilan niya. Hinintay lang nilang matapos ang lahat sa pag-aayos at pagkatapos ay nagpaalam na sila sa mga kasamahan. Dumerecho si Elle sa backseat ng kotse ni Jonas samantalang nagtuloy si Suzanne sa harapan at tumabi sa lalaki.

"Kailan ang provincial shoot natin?" untag ng kapatid nang magsimula nang umandar ang sasakyan.

"Magmi-meeting pa kami ulit nina Elle para sa schedule," sagot ni Jonas na tinapunan siya ng tingin sa rearview mirror. Nahuli siya nitong nakatitig dito at nagmamadali siyang umiwas ng tingin.

"Saan ang unang provincial location?" Si Suzanne uli. Nagpasalamat na lang si Elle sa presence ng nakababatang kapatid, kung hindi baka namatay na siya sa nerbyos dahil sa disturbing effect ng lalaking ito sa kanya.

"Palawan."

Hindi naman siya na-out of place sa pagkukuwentuhan ng dalawa dahil trabaho ang pinag-uusapan ng mga ito. Gayunpaman, panaka-naka lamang kung makisali siya roon. Kapag tinatanong siya, saka lamang siya nagsasalita.

"Bumaba ka muna, Jonas," pag-iimbita ng sister niya nang huminto sila sa harap ng bahay nila.

"Talagang bababa ako," anito. Umikot ito ng sasakyan at ipinagbukas ng pinto ang kapatid niya samantalang nagmamadali siyang bumaba ng sasakyan.

Naabutan nilang nasa sala ang mag-asawang Rodriguez.

"Nandito na pala ang mga anak kong magaganda," anang tatay nila nang humalik sila rito ni Suzanne.

"Magandang hapon po," bati ni Jonas na nagmano sa mga magulang nila.

"Magandang hapon din, hijo," magkasabay na sagot ng mag-asawa.

"Maupo ka, hijo," anyaya ni Mang Ben.

"Kukuha lang ako ng mamemerienda." Nagtungo na si Aling Celia sa kusina.

"Siyanga pala, iimbitahin ko po kayo sa bahay sa Saturday ng gabi. Birthday po ng mama ko," ani Jonas.

"Kayo na lamang ang magpunta, hija." Nakatingin kay Suzanne ang kanilang ama. "May natanguan na kaming commitment ng nanay mo sa simbahan sa Sabado."

"Ikaw, Elle?" baling ni Jonas sa kanya.

"Ha?"

"Oo nga naman, anak, sumama ka na," sagot ng kanyang ina buhat sa kusina. May bitbit na itong tray na may pitsel ng iced tea at isang pinggang chocolate cookies.

"Tutal maiiwan ka ritong mag-isa sa Sabado," pangungumbinsi rin ng tatay niya.

"Kung gusto mo, isama mo 'yong officemate mo na naghatid sa 'yo last time," singit ni Jonas.

Namula ang mukha niya.

"Sino ba ang naghatid sa 'yo last time?" usisa ng ginang na biglang naging interesado.

"Si Alfred 'yon, Inay, kaopisina ko. Hindi naman siya nanliligaw sa akin. On the way lang kasi ang

bahay natin sa bahay niya kaya isinabay na niya ako," nag-iinit ang pisngi na paliwanag niya. Naiinis siya kay Jonas dahil inungkat pa iyon sa harap ng mga magulang niya.

"Bakit ang haba ng explanation?" sabad ni Suzanne na nangingiti nang pilya.

"Alam mo naman kasi ang nanay mo," ani Mang Ben na nangingiti rin.

"Bakit masama ba'ng magtanong? Nasa edad na rin naman kasi si Eleonor." Lalo siyang namula sa sinabing iyon ng ina.

Okay lang sana kung sila-sila lang magkakapamilya ang magkakaharap dahil sanay na siyang maging topic ng ganoong usapan. Pero nahihiya siya dahil kaharap nila si Jonas na tila aliw na aliw sa usapan at tila pinagtatawanan pa ang pamumula niya.

"O sige po, sasama na ako," pagsang-ayon ni Elle upang maiba na ang usapan.

Ayaw niya talagang sumama ngunit wala siyang balidong dahilan. Wala siyang lakad o anumang gagawin sa Sabado ng gabi.

"Kung gan'on, settled na. Dadaanan ko kayo

dito sa Sabado nang alas siete.” Lalong lumawak ang pagkakangiti ni Jonas, na lalo naman niyang ikinainis.

---

Sabado ng gabi. Maaga pa, makalat na sa silid nila. Namimili ang kapatid niya ng isusuot sa pupuntahan nilang kaarawan ng mama ni Jonas. Nang pumasok siya ng silid, nagbo-blower na ito ng basang buhok. Nasa gitna ng kama ang damit na isusuot nito. Itim iyon at hanggang itaas ng tuhod ang haba at off-shoulder.

Inilabas niya ng damit na isusuot. Baby blue iyon, fit sa bodice at pencil cut ang ibabang bahagi. Simple lamang ang tabas niyon.

“Iyan ang isusuot mo, Ate?” tanong ni Suzanne, halatang hindi iyon nagustuhan.

“Oo, bakit?”

“Ate naman! Nakakahiya sa parents ni Jonas, malalaking tao pa naman ang imbitado doon.”

Namula siya. “Siguro hindi na lang ako sasama, wala naman akong ibang isusuot.” Nagpasalamat pa siya dahil mayroon na siyang balidong dahilan ngayon upang hindi sumama sa pagtitipon.

"Huwag ka ngang ganyan." Sumimangot ang kapatid niya.

"Ano nga ang gusto mong gawin ko?"

Pinagmasdan siya nito habang nag-iisip. "Teka," sabi nito, sabay lapit sa closet ng damit nito. Inisa-isa nito ang mga damit na naka-hanger at pagkatapos ay inilabas ang isang kremang bestida. Lampas-tuhod din iyon ngunit spaghetti straps lamang ang sumusuporta sa balikat. "May strapless bra ka naman, di ba?" baling nito sa kanya.

"Hindi 'yan kasya sa akin," tanggi niya.

"Isukat mo kaya muna. Hindi ko pa iyan naisusuot, bigay iyan n'ong isa sa mga designers na inidorso ko ang produkto."

Pinagbigyan niya ito habang nananalangin na sana ay hindi magkasya sa kanya ang damit.

"'Ayan, tamang-tama pala," komento ni Suzanne nang maisuot na niya ang damit.

"Hindi ba masyado naman itong liberated," nag-aalangang sabi niya.

"Conservative pa nga iyan at bagay din sa 'yo. At saka para hindi naman sabihin ni Jonas na wala ka talagang damit kaya butas-butas ang pantulog

mo," may halong panunudyong dagdag ni Suzanne.

"Bakit, sinabi ba niya 'yon sa 'yo?" naiinis na sikmat niya.

"Wala namang sinabi pero siyempre hindi na niya iyon babanggitin."

"O, siya, ito na nga ang isusuot ko," hindi nawala ang inis na sabi niya.

Pinagmasdan ni Elle ang sarili sa salamin. Bagay nga sa kanya ang damit. Inilantad niyon ang morena ngunit makinis niyang balikat.

Nilingon niya ang kapatid na isinusuot na rin ang damit na napili nitong isuot. Mas daring pa nga iyon sa tingin niya ngunit kaya nitong dalhin dahil bagay na bagay rito ang damit. Ayos na rin ang mukha nito. Kompleto na sa kolerete. Pati na ang mahabang buhok nito na iniwan nitong nakaladlad. Napakaganda talaga ni Suzanne. Hindi maiiwasan ng isang katulad ni Jonas na magkagusto rito, napapabuntong-hiningang naisip niya pa.

"Ate, ako na ang magme-makeup sa 'yo."

"Magli-lipstick lang naman ako."

"Pabayaan mong makeup-an kita," pangungulit nito. Nagpaubaya na siya dahil alam niyang hindi

ito magpapatalo sa kanya. At kapag hindi niya nagustuhan, maaari pa rin niya iyong tanggalin. Tutal mabilis naman siyang mag-ayos. Sampung minuto lang ay sapat na sa kanya upang ayusan ang sarili.

Pinaupo siya ng kapatid sa harap ng tokador at sinimulang lagyan ng cosmetics ang mukha niya. Alam niyang eksperto si Suzanne sa ganoong mga bagay dahil kailangan iyon sa career nito. May mga pagkakataon kasi na walang makeup artist at ito lang nag-aayos sa sarili kapag may pictorial ito.

Nang matapos sa pag-aayos sa kanya, nagulat siya sa pagbabago ng hitsura niya nang tingnan niya ang sarili sa salamin. Na-emphasize ng eye makeup ang mga mata niya. Tila buhay na buhay ang mga iyon at lalong lumantik ang kanyang mga pilikmata. Pati na ang kanyang labi na alam niyang hindi perpekto ang hugis ay tila perpekto na ngayon.

"Hindi ba masyadong makapal?" duda pa ring usisa niya.

"Hindi, ayos lang iyan. Dinner naman ang pupuntahan natin. At itong buhok mo, pabayaan nating nakaladlad. Lalagyan na lang natin ng clip sa magkabilang gilid," saad ni Suzanne na nagsisimula nang mamili sa gamit nito ng ilalagay na clip sa

buhok niya.

---

“Mga anak, nandito na si Jonas,” pagbibigay-alam ni Aling Celia na kumakatok sa silid nila.

“Sandali na lang po, Inay,” sagot ni Suzanne. “Sige na, Ate, mauna ka na at itse-check ko lang ulit ang ayos ko. At siyempre gusto ko ng dramatic entrance,” nakangiting pagtataboy nito sa kanya. Bagaman nahihiya, napilitan siyang lumabas ng kuwarto. Alangan namang nakawan niya ng eksena ang kapatid, as if maaagawan niya nga ito ng eksena.

Naabutan niyang nakaupo sa sofa si Jonas at kausap ng mga magulang niya. Tumayo ito nang pumasok siya sa sala.

“Good evening. You look so beautiful!” titig na titig sa kanya na turan nito.

“Thank you,” namumulang sagot niya.

“At ito pa ang isang maganda,” ani Jonas na nawala kaagad ang atensyon sa kanya. Nakatingin ito kay Suzanne na kalalabas lang ng silid. Dere-derecho sa kanila ang kapatid niya na tila rumarampa sa catwalk pagkatapos ay umikot sa harap ng binata. Muli itong huminto nang nakaharap sa lalaki at

ginawaran ng halik sa pisngi ang huli. Nakaramdam si Elle ng inis para sa kapatid.

"Aba! Ang gaganda nga talaga ng mga anak ko," ani Mang Ben na nakatingin sa kanila ni Suzanne, pero alam niyang ang kapatid niya ang mas tinutukoy nito.

Nakabihis na rin ang matandang lalaki dahil nga may pupuntahan ding activity sa simbahan, kasama ng kanilang ina.

"Siyempre, mana sa 'kin," singit ng nanay niya.

"Sang-ayon po ako," singit ni Jonas. "Ready na ba kayo? Can we go now?"

"Okay na kami," sagot ni Suzanne.

"Kung gan'on lumakad na kayo," ani Mang Ben.

"Ingatan mo 'yang mga anak ko, Jonas," nakangiting paalala ni Aling Celia.

"Wala pong problema, 'Nay." Ibinigay ni Jonas ang magkabilang braso sa kanilang magkapatid. Nagulat siya sa narinig na pagtawag nito kay Aling Celia. Marahil nagsasanay na ito kung saka-sakaling makatuluyan nito ang kapatid niya.

Umabrisiete na rin siya sa binata at nagpaalam

na sa mga magulang. Habang naglalakad sila, pinakikiramdaman niya ito. Hindi kasi siya komportable sa pagkakadikit dito. Naroon pa rin ang kuryente na tumutulay sa braso nito patungo sa braso niya. Hindi niya lang alam kung nararamdaman nito iyon dahil sa kasalukuyan itong nakikinig sa pag-uusisa ni Suzanne tungkol sa mga dadalo sa party.

# 5

Magara at malawak ang tahanan ng mga Lacsamana. Maliwanag na maliwanag ang bakuran kung kaya nakikita ni Elle ang buong paligid. Nagkalat ang namumulaklak na mga halaman sa palibot ng malaking bahay. Nakatayo sa gate ang dalawang matanda na kasalukuyang tumatanggap ng mga panauhin. Alam niyang ito ang mga magulang ni Jonas at may-ari ng *Elegance*. Kahawig ng binata ang mga ito at halos kasing-taas nito ang ama.

“Suzanne, Elle, ang mama’t papa ko,” pakilala ni Jonas.

“Happy Birthday po!” magkasabay nilang bati. Iniabot ni Suzanne ang bitbit nitong regalo sa ina ni Jonas.

“Salamat, mga hija, kayo pala ang sinasabi sa akin ni Jonas,” nakangiting saad ni Mrs. Anita Lacsamana. “Pareho kayong maganda,” sincere na puri nito.

Nagulat si Elle na malamang pati pala siya ay nababanggit din ng lalaki sa mga magulang nito. O baka ang kapatid lang niya ang tinutukoy ng

matandang babae at isinama lamang siya.

"Sige, hijo, samahan mo na sila sa loob at nang makakain na," ani Mr. Josias Lacsamana, ang papa ni Jonas, na nakangiti rin sa kanila.

Marami-rami na ring mga bisita na nakaupo sa mga mesang nakakalat sa malawak na bakuran.

"Pare," bati ng isang lalaki kay Jonas na sumalubong sa kanila. Halos kasing-taas ito ng binata at magandang magdala ng damit. Sa tingin niya ay kasing-edad din ito ni Jonas. Kung hitsura ang pag-uusapan, maituturing na kasing-guwapo ito ng lalaki pero mas rugged ang dating ng personalidad nito.

"O, pare, ano'ng ginagawa mo dito? Kailan ka pa dumating?" gulat ding bati ni Jonas dito.

"Kahapon lang at may inaayos akong negosyo. Tumawag ako kanina sa opisina ninyo at hinanap kita. Wala ka daw at papa mo na lang ang kinausap ko. Inimbita niya akong magpunta dito," sagot nito na nakatingin sa magkapatid. "Hindi mo ba ako ipapakilala sa mga kasama mo, Jonas?"

"Eugene, this is Suzanne, isa sa mga modelo ng *Elegance* at ito naman ang kapatid niyang si Elle, ang aming advertising expert. Magkapatid sila,"

nakangiting pakilala ni Jonas sa dalawang babae. "At ito si Eugene, kaibigan at kaklase ko sa college."

"Pareho silang maganda," papuri ni Eugene na kinuha ang kamay ni Suzanne at dinala sa labi. Napahagikgik ang modelo. Pagkatapos ay bumaling ito kay Elle at inulit ang prosesong ginawa sa kapatid niya. Nahiya siya sa ginawa nito at dahil hindi siya sanay, pinamulahan siya ng mukha. "Well, well, you're more beautiful when you're blushing," anito na nakatitig sa kanya at halatang na-a-amuse.

Narinig niyang muling tumawa si Suzanne.

Tumikhim si Jonas. "Excuse me, pare, ihahatid ko lang sila sa uupuan nila," dagdag nito na hinawakan silang magkapatid sa braso at igigiya sana sila sa lugar na kinaroroonan ng mga lamesa.

"Siguro, it'd be much better kung magsama-sama na lang tayo sa iisang lamesa," suhestyon ni Eugene na sumunod sa kanila.

"Oo nga, why not? Tutal wala naman kaming ibang kakilala ni Ate Elle dito," sang-ayon ni Suzanne.

"Sige." Hindi na tumanggi si Jonas kahit parang napipilitan lang. Inihatid sila nito sa pang-apatang mesa at nagpaalam sa kanila upang mag-ikot sa mga bisita.

Makaraan umalis ng lalaki ay nagpunta sa buffet table ang tatlo upang kumuha ng pagkain at maiinom. Nang bumalik sila sa kanilang puwesto ay masaya silang nag-usap ng kung anu-anong bagay habang nilalantakan ang laman ng kanilang mga plato. Masarap kausap si Eugene dahil marami itong alam.

Mayamaya nang makatapos na silang kumain, nagsimulang pumailanlang ang musika at unti-unting nagtayuan ang mga guests upang magsayaw. Lumapit sa kapatid niya si Jonas upang isayaw ito.

Nangingibabaw ang dalawa sa crowd at hindi maiwasang pagtinginan sila ng mga tao. Napakaganda talaga ng kapatid niya at guwapong lalaki si Jonas.

“Will you dance with me?” untag ni Eugene na inagaw ang atensyon ni Elle sa dalawang nagsasayaw. “Huwag mong sabihing tatanggi ka? Ikaw ang first dance ko tonight.” Nakangiti ito nang matamis sa kanya.

“Okay,” pagpapaunlak niya.

Tumayo sila at nagsayaw. Mahusay magsayaw si Eugene kung kaya mayamaya lamang ay na-enjoy na niya ang pagsasayaw.

“Napaka-exciting naman ng trabaho mo,” komento nito. “Siguro very creative ka.”

“Hindi naman,” nahihiyang sabi niya.

“I know you are. At makukuha ba naman ninyo ang kontrata ng *Elegance* kung hindi. Kilala ko si Jonas at may pagka-perfectionist iyan.”

“At ikaw, ano naman ang trabaho mo?” usisa niya.

“Family business. Mayroon kaming mga beach resorts sa Palawan,” sagot nito na walang halong pagyayabang.

“May isu-shoot kami doon na part ng commercial na ginagawa namin doon,” aniya.

“Correct, at sa resort namin kayo tutuloy,” nangingiting pahayag nito. “You’re very much welcome.”

Nakita niyang iba na ang kapareha ng kapatid at nang mga sumunod pa, hindi niya nakitang napahinga ito. Si Jonas naman ay nakita niyang kung sinu-sino na rin ang kapareha sa pagsasayaw. Marahil ginagampanan na nito ang duty nito bilang host kung kaya nagawa nitong humiwalay sa kapatid niya.

Umupo na sila ni Eugene at nakipagsayaw na rin siya sa ibang lalaki ngunit, mas madalas sa hindi, ang kaibigan ni Jonas ang kasayaw niya. Hindi naman niya iyon tinututulan dahil magaan talaga ang loob niya at komportable siya sa lalaki. Kung anu-ano ang napagkuwentuhan nila lalung-lalo na tungkol sa trabaho. Nalaman niya na pareho silang nagtapos ng girlfriend nitong si Mildred ng Advertising at kumukuha ang babae ng masteral studies sa Amerika.

Nakita niyang muling isinayaw ni Jonas si Suzanne. Marahil nalibot na nito ang mga bisitang naroon sa party kung kaya bumalik na sa piling ng kapatid niya.

“Change partner, please,” narinig niyang sabi ng binata kay Eugene. Hindi niya namalayan na katabi na nila ang mga ito sa dance floor. Nagulat siya dahil sa hindi niya inaasahan na isasayaw siya ni Jonas at bibitawan pa nito ang kanyang kapatid, lalo na at sweet ang tugtog at inihayag na ng emcee na huling sayaw na iyon.

Marahil ay naalala nito na guest din siya sa party at may katungkulan din ito sa kanya. Ang totoo, nagsisimula na siyang mainis dahil sa tingin niya ay naisayaw na nito ang lahat ng babae roon

maliban sa kanya. Ngayon namang isasayaw na siya nito, parang ayaw niya dahil sa naiilang siya.

"Okay," sagot ni Eugene.

Hindi na hinintay ni Jonas ang permiso niya. Kaagad siyang hinapit nito palapit sa sarili. Ang isang kamay nito ay nasa likod niya, samantalang ang isa ay inilagay nito sa kanyang baywang. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa magkabilang balikat nito.

Bumilis ang tibok ng puso ni Elle, hindi lang niya alam kung naririnig iyon ng binata. Naaamoy niya ang mabangong aftershave nito na humalo sa lalaking-lalaking amoy nito at may kakaibang epekto iyon sa kanya. Tila siya idinuduyan. Parang ayaw na niyang matapos ang pagsasayaw nila at manatili na lamang siyang nakakulong sa mga bisig ni Jonas.

"You're beautiful," narinig niyang bulong nito at pakiramdam niya ay ginawaran siya nito ng halik sa ibabaw ng kanyang buhok ngunit hindi siya tiyak dahil parang hangin lamang iyon.

"Thank you!" namumulang sagot niya. Naiilang na iniiwas niya ang mga mata sa mukha nito.

Marahil iyon ang sinabi nito sa lahat ng babae na nakasayaw nito ngayong gabi. Still, hindi niya

maiwasang matuwa nang husto sa simpleng papuri nito.

"Elle, I have this feeling na iniiwasan mo ako," bulong nitong muli.

"Ha?" ang tanging nasabi niya.

"Kapag pumupunta ako sa inyo, lagi kang nagmamadaling pumasok sa kuwarto n'yo."

Nakapagpasalamat siya nang huminto ang musika dahil wala siyang maisip na idahilan sa akusasyon nitong iyon. Totoong pinipilit niyang iwasan ang lalaki at nakakahalata na pala ito.

Nagpahatid na siya sa lamesa nila. Walang nagawang bumuntong-hininga ito at saka tumalima.

"Hintayin ninyo ako dito," anito na parang walang nangyari. Lumapit ito sa mga magulang na tinawag ng emcee upang ipahayag ang pasasalamat sa mga dumalong bisita sa kasayahan. Pagkatapos ay nagsimula nang magpaalam ang mga bisita.

Pagbalik ni Jonas, may bitbit na itong nakabalot na pagkain. "Para kina Nanay," anito. Talaga yatang nagpapalakas ito sa mga magulang nila.

"Nag-abala ka pa," ani Suzanne na matamis ang ngiti sa binata. Napapansin din nito malamang na

espesyal ang trato rito ni Jonas.

“Kaunti lang ito.”

“Saan ba kayo umuuwi?” tanong ni Eugene na hindi pa rin sila iniiwan. Hiningi nito ang phone number ni Elle. Tatawagan daw siya nito dahil baka next week din ang balik nito ng Palawan at baka magkasabay-sabay pa sila.

“Sa Kamuning,” sagot niya.

“Doon din ang way ko. Kung gusto mo, Jonas, ako na ang maghahatid sa kanila,” alok nito.

“Hindi na, pare,” tutol ni Jonas. “Ako na lang at baka kung ano ang sabihin ng parents nila.”

“Okay,” sabi na lang ni Eugene na nagkibit-balikat.

“Sige, pare,” paalam nito.

“Sige, ingat sa pagda-drive.” Nakangiting bumaling sa kanilang magkapatid si Eugene. “’Bye. See you in Palawan.”

“Sige, ‘bye.” Sumakay na sila sa naghihintay na kotse ni Jonas nang makalabas ng bakuran.